MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS
ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 5 Blg.7 | Hunyo 22-28, 2020 | P10.00

# SSS BINUKSAN ANG ONLINE NA APLIKASYON PARA SA COVID-19 CALAMITY LOAN

pahina 2



## Dedikasyon at serbisyo, ibibigay ni ARCI MUÑOZ

## CARMONA, NAGLALAGAY NG ENROLLMENT BOOTHS

pahina 4




CALL & COLLECT WITH PET EXPRESS – SM CITY DASMARIÑAS AND SM CITY MOLINO

p.7

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# SSS BINUKSAN ANG ONLINE NA APLIKASYON PARA SA COVID-19 CALAMITY LOAN

**PARA higit na makatulong sa mga miyembrong apektado dahil sa pandemyang Coronavirus Disease o COVID-19, binuksan ng Social Security System o SSS ang online na aplikasyon para sa COVID-19 Calamity Loan Assistance Program o CLAP noong Lunes, Hunyo 15, 2020.**

Sinabi ni SSS President at CEO Aurora C. Ignacio na mayroong aabot sa 1.74 na milyong mga potensyal na member-borrowers ang naturang programa.

"The threat of COVID-19 will likely remain in the coming months. To this end, we have developed an online facility in the My.SSS web portal in which we will receive all calamity loan applications to reduce face-to-face transactions in our branches," paliwanag ni Ignacio.

Inaasahan aniya na mananatili ang banta ng COVID-19 sa mga darating na buwan kaya naman nag-develop ang ahensya ng isang online na pasilidad sa My.SSS web portal kung saan nila maisusumite ang aplikasyon para sa calamity loan na hindi kinakailangang magkaroon ng face-to-face o harapang transaksyon sa anumang branch ng SSS.

Depende sa average ng kanilang monthly salary credit nang nakaraang 12 buwan, ang mga miyembro ay maaaring mag-aplay ng loan nang hanggang P20,000.

Dahil sa nararanasang krisis kanilang inextend ang payment term ng CLAP hanggang sa 27 buwan, kasama ang tatlong buwan na moratorium period at binabaan rin ang interest rate nito sa six percent per annum o anim na porsiyento kada taon.

Ang regular na payment term aniya ay 24 na buwan at sampung porsiyento naman ang interest rate per annum.

Ang mga Loan amortization naman para sa COVID-19 calamity loan ay magsisimula sa ikaapat na buwan mula sa approval date nito. Wala ring advance na interes ang icha-charge sa loan na ito at ang service fee na isang porsiyento ng loan amount ay icha-charge at iababawas mula sa loan proceeds.

Ang Loan payment naman na hindi maireremita sa itinakdang due date ay magkakaroon ng isang porsiyentong penalty kada buwan.

Para naman mag-kwalipika sa loan, ang miyambro ay dapat may pinakamababang 36 na buwanang kontribusyon, anim rito ay dapat na-ipost nang mga nakaraang 12 buwan bago ang aplikasyon.

Ang aplikante at dapat mayroon ring work o kaya ay home address sa Pilipinas na nakikita sa database.

Hindi rin dapat nabigyan ng final benefit kagaya ng total permanent disability or retirement at walang anumang outstanding loans sa ilalim ng Loan Restructuring Program o mga nakalipas CLAP.

Dapat rin aniya ay rehistrado ang miyembro sa My.SSS web portal na nasa SSS website na www.sss.gov.ph para makapag-aplay ng loan.

Hindi na rin kailangan ang dokumento ng katunayan na ang isang miyembro ay residente ng idineklarang calamity area na isa sa mga requirements ng CLAP dahil ang buong bansa ang nasa ilalim ng state of calamity.

Maaaring mamili ang mga member-borrowers kung nais nilang matanggap ang halagang kanilang nai-loan sa pamamagitan ng Unified Multi-Purpose Identification card nila na naka-enroll bilang ATM, Union Bank of the Philippines Quick Card, o kaya naman tseke na ipapadala sa kanilang piniling mailing address.

"Through the CLAP, we are hoping to help with the financial needs of our members who may have lost their sources of income or suffered financial burden due to the COVID-19 situation (Sa pamamagitan ng CLAP, sana ay makatulong ito sa pangangailangang pinansyal ng aming mga miyembro na maaaring nawalan ng pinagkukunang kita o nagkaroon ng mga pinansyal na problema dulot ng sitwasyon sa COVID-19)," sinabi ni Ignacio.

Ang mga miyembro ng SSS ay maaaring mag-aplay sa CLAP hanggang Setyembre 14, 2020. ***(Joy Gabrido/PIA4A)***

# Dialysis Center sa Gapan City, target mabuksan sa Hulyo 7

**LUNGSOD NG CABANATUAN (PIA)** -- Target ng pamahalaang lungsod ng Gapan na masimulan ang operasyon ng bagong tayong Dialysis Center sa darating na Hulyo 7.

Ayon kay Mayor Emerson Pascual, layunin ng tanggapang umagapay sa mga nasasakupang nangangailangan ng relugar na dialysis.

Aniya, anuman ang katayuan, mayaman o salat sa buhay basta't residente ng Gapan ay libre ang bawat sesyon ng dialysis at mayroon pang matatanggap na 500 pisong allowance matapos ang bawat pagpapagamot.

Nais ng alkalde na wala nang aalalahanin pa ang mga kababayan sa pangangailangang medikasyon lalo ang mga dapat sumailalim sa dialysis higit isang beses sa isang linggo.

Pahayag ni Pascual, kung ang gastos sa dialysis ay pumatak ng dalawang libong piso ay mahihirapang masustentuhan ng ordinaryong kawani ang regular na gamutan.

Ang mahalaga aniya ay walang tiga-Gapan na magtitiis mula sa sakit, na ang lahat ay magkaroon ng pagkakataong makapagpagamot.

Nasa 24 na dialysis machine ang binili ng pamahalaang lungsod na kayang i-accommodate ang nasa 100 pasyente sa loob ng isang araw.

Batay sa talaan ng pamahalaang lokal ay nasa 200 pasyente sa Gapan ang nangangailangan ng regular na dialysis at makikinabang sa naturang proyekto na maaari pang madagdagan. ***(CLJD/CCN-PIA 3)***

# Pampanga, humingi ng suporta sa tv networks sa pagpapatupad ng blended learning

**LUNGSOD NG SAN FERNANDO, Pampanga (PIA)** -- Pinulong ng pamahalaang panlalawigan ang mga television networks, cable, at internet providers upang hingin ang kanilang suporta sa pagpapatupad ng blended learning sa panahon ng pandemya.

Ayon kay Gobernador Dennis Pineda, ang paggamit ng magkahalong tradisyunal at social media ang pinakamabisang alternatibo sa pisikal na pagpasok ng mga estudyante sa paaralan lalo na at kaya nitong maabot maging mga malalayong lugar sa probinsya.

Bilang tugon dito, ipinanukala ng CLTV 36 ang "Teleskwela", upang paigtingin ang virtual learning program ng Department of Education o DepEd para sa mga mag-aaral sa lalawigan.

Ayon kay CLTV 36 General Manager Sonia Soto, bibigyan ng isang oras mula Lunes hanggang Biyernes ang lahat ng antas upang libreng maiere ang kanilang mga aralin at matiyak na patuloy ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Susuportahan naman ng DepEd, sa tulong ng pamahalaang panlalawigan, ang gastos sa kuryente ng kumpanya para sa naturang inisyatibo.

Bukod dito, tiniyak ng pamahalaang panlalawigan sa publiko na ginagawa nito ang lahat upang makagawa ng mga interbensyon na makatutulong sa mga mag-aaral sa darating na pasukan.

Samantala, hiniling din ng pamahalaang panlalawigan sa DepEd na magkaroon ng standard na pamamaraan upang mas epektibong mapatupad ang blended learning sa probinsya. ***(CLJD/MJSC-PIA 3)***

# Pisong downpayment para sa 'Corona edition' pedicab, alok ni Mayor Isko sa mga drayber ng Balut PODA

**LUNGSOD CALOOCAN (PIA)** --Iprinisinta ni Manila City Mayor Francisco 'Isko Moreno' Domagoso sa mga pedicab drivers ng Balut PODA Rodriguez Line ang mga bagong pedicab na maaaring gamitin sa ilalim ng "new normal" dulot ng COVID-19 pandemic.

Sa isang konsultasyon kasama ang mga pedicab drivers at ang Manila Traffic and Parking Bureau (MTPB), sinabi ni Domagoso na piso lang ang magiging downpayment ng mga pedicab driver at tinatayang P188 kada araw lang ang huhulugan nila sa loob ng tatlo hanggang limang taon.

Ang "Corona edition" na pedicab—gawa ng Italian motor vehicle manufacturer Piaggio—ay mayroong angkop na physical distancing dividers at tumatakbo gamit ang gas o diesel.

"Ilalaban ko ito ng magandang presyo. Piso lang ang down, tapos 'yung hinuhulog mo, 'yun 'yung boundary mo, in 3-5 years, sa'yo na ito," ayon kay Domagoso.

Sumang-ayon ang mga pedicab driver sa plano ng Alkalde matapos nilang tiyakin na kaya nilang hulugan ang mga matatanggap nilang modernong pedicab.

"Kakayanin po. Magandang oportunidad po ito at para makapagpahinga sa pagpapadyak," ani Reneto Dandoy, isa sa mga pedicab drivers.

"Kayo ang inuuna ko lagi, kasi 'pag walang byahe, walang chicha. Pahirap nang pahirap ang buhay sa kalye ngayon. Iniisip ko kung paano pataasin ang dignidad ng mga naghahanap-buhay sa kalsada," ani Domagoso.

Sa kasalukuyan, plano ng Pamahalaang Lungsod na makakuha ng paunang 2,000 modernong pedicab para sa mga rehistradong PODA sa Maynila.

Kabilang rin dito ang kasamang cellphone unit ng bawat taxicycle, kung saan pinag-aaralan ng lungsod ang cashless payment system para sa pedicabs. ***(PIO Manila/PIA-NCR)***

# Registration kits for nat'l ID system now available: PSA

**MANILA** – The Philippine Statistics Authority (PSA) is working on the components of the national identification system as the government targets to start registration by the last quarter of the year.

In the virtual roundtable discussion of the Integrity Initiative and the Makati Business Club on Thursday, National Statistician Claire Dennis Mapa said registration kits are now available, while the automated biometric system has already been procured and the service provider is working on the authentication system that would be used to verify persons registered in the Philippine Identification System (PhilSys).

Mapa said the agency is still in the process of procuring the systems integrator (SI).

"The systems integrator is like the glue to make systems work," he said. "So we have very good service providers that expressed interest in the procurement of the SI."

Mapa added that the government would award the contract for the systems integrator next month.

The PSA has also identified the data centers for the PhilSys, which is under the Department of Information and Communications Technology.

The primary data center is located in Subic.

The secondary data center and the recovery site have already been identified, according to Mapa.

"All data centers will be on board starting July 2020," he said.

Mapa said the PSA signed a memorandum of agreement with the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) to produce the cards for the national ID.

He added that the national ID could be distributed to the registrants in just two weeks. ***(PNA)***

## USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

# ‘Putol kaligayahan’

**IWASAN** ang pagsusuot ng seksing damit upang hindi maging mainit sa mga mata ng isang manyakis.

Batay ito sa opinyon ng ilan kasabay ng pagbibigay ng ganitong payo sa mga kababaihan.

Dahil attracted attire kaya nademonyo ang isang lalaki sa isang babae na humantong sa sekswal na pang-aabuso.

Kung ganito ang nangyari, nangangahulugan ba na sinisi pa ay ang babae?

Kasalanan pa pala ng babae na kaya nabiktima ng panghahalay ay dahil sa kanyang kaaya-aya o seksing kasuotan.

Mali naman yata na ibigay ang sisi sa sexy lady dahil sino ba namang babae ang nais mapagsamantalahan.

Pwedeng payuhan ang girl sa kanyang pananamit pero ang sisihin ay huwag naman.

May mga babae, para sa kanila ay isang fashion ang uri at istilo nila ng kasuotan.

Dumako ka sa mga beach resort o mga swimming pool, maraming babae ang nagsusuot ng two-piece o bathing suit.

Sa salitang kanto ay kita na halos ang ‘kaluluwa’ ng isang babae sa ganitong suot.

Malaking puntos na iyon upang umakyat ang demonyo sa utak ng isang lalaki.

Pero maliit ang tsansa upang maisakatuparan ang panghahalay dahil nakahantad.

Posibleng ang ilan sa magiging eksena ay ang pambabastos sa pamamagitan ng hindi magagandang salita o tsansing sa girl lalo at nasa impluwensiya ng alak ang lalaki.

Ibig sabihin sa mga swimming pool partikular sa mga beach resort ay walang pagkakataon upang ang panghahalay ay maisagawa.

Ang pinupunto lamang natin ay sa halip na sisihin ang babae sa kasuotan ay mas paalalahanan dapat.

Halimbawa, kung ikaw ay babae at expose o lantad ka sa lansangan dahil komyut ka lamang pagkatapos ay medyo gabi pa ang uwi ay hindi ka kailangang magpaseksi.

Maaaring tama o may katwiran na dahil sa iyong kaseksihang suot ay nakakapukaw ka ng atensiyon ng mga manyakol.

Ang masaklap ay matatapat o matataon pa na ang makakasabay ay sadyang rapist.

Usap lang, ang rapist is always a rapist. Kumbaga, ang rapist ay walang sinisino o pinipiling bibiktimahin.

Kahit hindi attracted o seksi ang suot ay aatakehin nila ang kanilang target.

Bata man basta trip nila ay wala silang palalagpasin.

Imagine ha, bata iyan. Bubot pa lamang pero bakit nagagawang halayin?

Meron naman kahit losyang na o may edad na ay pinapatos pa rin ng mga rapist.

Kaya nga uulitin natin, a rapist is always a rapist.

At uulitin din natin, huwag namang sisihin ang babaing rape victim dahil sa kanyang sexy attire.

Ang maganda riyan ay igawad ang mabigat na hatol sa mga napapatunayang rapist.

Pwede na siguro ang ‘putol kaligayahan’ upang hindi na pamarisan.

Say n’yo?

# Sec. Andanar bumisita sa Batangas para sa ‘Balik-Probinsya, Bagong Pag-asa’

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)**-- Patuloy sa operasyon ang Presidential Communication Operations Office (PCOO) sa pangunguna ni Secretary Martin Andanar bilang bahagi ng 'Balik-Probinsya, Bagong Pag-asa Program' na naglalayong makapagbigay ng magandang opurtunidad para sa mga manggagawang Pilipino na gustong magbalik-probinsya upang doon makapaghanap-buhay.

Nagtungo si Communications Secretary Martin Andanar sa probinsya ng Batangas noong ika-13 ng Hunyo upang personal na makita ang mga trabahong maaaring makapagbigay ng magandang opurtunidad sa mga manggagawa na lubos na naapektuhan ng kasalukuyang pandemya.

Unang nagpunta si Secretary Andanar kasama ang ilang mga kawani ng ahensya at ibang miyembro ng Philippine Information Agency IV-A (PIA 4A) sa pamumuno ni Regional Director Ma. Cristina C. Arzadon sa isang dairy farm sa Lipa City na pinapatakbo ng Batangas Dairy Cooperative (BADACO) na gumagawa ng mga pangunahing produkto na katulad ng fresh milk, chocomilk at flavored yogurt.

Ang operasyon ng BADACO dairy farm ay nagsimula noong taong 2012 at tuloy-tuloy hanggang sa ngayon kaya naman isa ang dairy farm sa nakikitang oportunidad sa probinsya ng Batangas na maaaring pasukin ng ilang mga mamamayan na interesado sa pag-aalaga ng baka at nais simulan ang dairy farming.

Ang mga interesadong indibidwal ay libreng bibigyan ng training ng BADACO dairy farm upang magkaroon ng mga angkop na kaalaman at kasanayan ang mga nagnanais na pasukin ang industriya ng dairy farming bilang panibagong hanap-buhay sa probinsya.

Kaugnay nito, nagtungo rin si Sec. Andanar sa Lipa City, City Hall upang makausap ng personal ang mga media practitioners mula sa probinsya ng Batangas na kabilang sa mga frontliners na isa sa mga lubos na naapektuhan ng COVID-19 pandemic dahil isa sa mga adbokasiya ni Sec. Andanar ang matulungan ang industriya ng media lalo't higit ang mga maliliit na istasyon na napilitang magtigil operasyon at magsara dahil sa banta ng COVID-19 kaya naman sa simpleng kapamaraanan ay naghandog ng food-packs bilang ayuda si Sec. Andanar sa mga miyembro ng Batangas media.

"Ito ay kaunting tulong mula sa puso para sa ating mga kasamahan para maiparating na hindi namin kayo nakakalimutan," ani Sec. Andanar.

Binisita din ng PCOO at PIA team ang Batangas State University Knowledge Innovation, and Science Technology Park – LIKHA FABLAB kung saan ang BSU ay isa sa 12 bagong economic zones na kamakailan ay inaprubahan ni Pangulong Rodrigo Duterte na buksan bilang industrial park.

Katulad ng BADACO dairy farm, may mga pagkakataon rin na naghihintay mabuksan para sa mga manggagawang nawalan ng hanapbuhay na maaaring simulan sa pamamagitan ng training mula sa LIKHA FABLAB.

Sa kabilang banda, ang Balik-Probinsya, Bagong Pag-Asa Program ng pamahalaang Duterte ay isang daan o kapamaraanan na naglalayong magbigay ng magandang oportunidad at ma-engganyo ang mga manggagawa na magbalik probinsya upang makapaghanapbuhay at gayundin ay ma-decongest ang Metro Manila. **(CO/ PIA4A)**

## EDITORYAL

# Kaya bang ibigay ang kaligtasan?

**WALA pa mang pandemiya ay marami na tayong kababayan na gamit ang bisikleta sa kanilang transportasyon.**

**Sa kasalukuyang pananalasa ng COVID-19 ay sobrang apektado ang pampublikong transportasyon dahil sa kakulangan o limitadong pagbibiyahe.**

**Hindi maikakaila na lumobo ang bilang ng mga gumagamit ngayon ng bisikleta para lamang makapasok ng trabaho at makauwi ng bahay pagkatapos.**

**Isinusulong ang pagbibigay ng insentibo sa lahat ng mga nagbibisikleta bilang gamit sa kanilang hanapbuhay.**

**Maaaring maibibigay ang insentibong ito bilang panghikayat sa paggamit ng bisikleta kahit makakabalik na sa normal na pamumuhay.**

**Ang katanungan lamang ay kung makakaya bang maibigay ang kaligtasan ng mga nagbibisikleta?**

**Ito ang kailangang tugunan ng pamahalaan.**


**ADVERTISING RATES**

**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**

**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**



HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **‘HANEP Basahin Mo Ito!**’ ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** roneJed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com



**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# CARMONA, NAGLAGAY NG ENROLLMENT BOOTHS

**NAGLAGAY ang Pamahalaang Bayan ng Carmona ng Enrollment Booths/ Kiosks.**

Ito ay upang makakuha o magkaroon ng Learner Enrollment and Survey Form (LESF) ang mga mag-aaral mula sa pampublikong paaralan na nais mag-enroll para sa School Year 2020-2021.

Ang mga naturang booth ay matatagpuan sa bawat barangay hall at naglalayong asisitihan o tulungan ang mga walang online access.

Kapag nakakuha na ng LESF ay kailangang tugunan o sagutan ang mga hinihinging impormasyon ng naturang form.

Pagkatapos ay muling babalik ng enrollment booth at isusumite ang nasabing form sa barangay secretary.

Ang mga enrollment focal persons (EFPs) ng bawat eskuwelahan ang siyang kukuha ng nasagutan at naipasang LESF.

Nabatid na ito ay nagsimula nitong Hunyo 15 at magtatapos sa Hunyo 30.

Nauna rito ay nakipag-ugnayan ang Department of Education – Carmona District sa Pamahalaang Bayan para matugunan ang mga walang online access.

Samantala, ang mga mayroon namang online access ay kailangan lamang makipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa kanilang class adviser upang magkaroon ng LESF.

Batay pa rin sa fb account ni Mayor Roy Loyola nitong Hunyo 17 ay naitala ang ika-labing-anim na kumpirmadong positibong kaso ng COVID-19 sa Carmona. **RS**

**Republic of the Philippines**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Fourth Judicial Region**
**Branch 109, Carmona, Cavite**

**iN THE MATTER OF THE CHANGE OF NAME OF,**

**BSP-2018-119**

**DYESSEBEL LAMAC BUDOY-ECUBE,**
Petitioner,
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**AMENDED NOTICE OF HEARING**

There is a petition filed by petitioners thru counsel for the change of name of DYESSEBEL LAMAC BUDOY-ECUBE on the grounds alleged therein.

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT said petition has been set for hearing on **September 9, 2020 at 9:00 in the morning** before this Court, on which date, hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the cities and province of Cavite.

Let a copy of this Notice and that of the petition be furnished the Office of the Solicitor General, Makati City; Local Civil Registrar, GMA, Cavite and the Philippine Statistics Authority, Quezon City.

WITNESS THE HONORABLE **NIVEN R. CANLAPAN**, Presiding Judge of this Court, this 19th day of May 2020 at Carmona, Cavite, Philippines.

**BON GERARD D. ASCAŇO**
Clerk of Court VI

Copy Furnished:
**ATTY. ILUMINADA M. VAFLOR-FABROA**
Congressional Ave., cor. Visayas Ave.,
Brgy. Maderan, GMA, CAVITE

**DYESSEBEL LAMAC BUDOY-ECUBE**
Phase 2, Block 14, Lot 61, Family Village
Resourced (FVR) Brgy. Poblacion 5, GMA, Cavite

**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City

**CIVIL REGISTRAR OF GMA**
Civil Registrar's Office, GMA, Cavite

**PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY**
PSA Complex, East Ave. Diliman, Quezon City

**Publication: HANEP** June 22, 29 and July 6, 2020

**Republic of the Philippines**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Fourth Judicial Region**
**Branch 109, Carmona, Cavite**

**IN THE MATTER OF PETITION FOR ISSUANCE OF NEW OWNER'S DUPLICATE COPY OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-145486 OF THE REGISTRY OF DEEDS, PROVINCE OF CAVITE,**

**LRC-C-GMA-2020-01**

**SOCORRO P. DEBOLGADO,**
Petitioner.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**AMENDED NOTICE OF HEARING**

There is a petition filed by petitioner thru counsel for the issuance of New Owner's Duplicate Copy of Transfer of Certificate of Title No. T-145486 on the grounds alleged therein.

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT said petition has been set for hearing on **July 27, 2020 at 1:30 in the afternoon** before this Court, on which date, hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the cities and province of Cavite.

Let a copy of this Notice and that of the petition be furnished the Registry of Deeds, Trece Martires City, Cavite and the same be posted by the sheriff of this Court in three (3) conspicuous places where the property is located.

Witness my hand under the seal of this Court, this 20th day of January 2020 at Carmona, Cavite, Philippines.

**BON GERARD D. ASCAŇO**
Clerk of Court VI

Copy Furnished:
**ANTONIO F. BUTIAL, JR.**
Unit G, 2nd Floor, CRDM Bldg., Governor's Drive,
Congressional Road, GMA, Cavite

**SOCORRO P. DEBOLGADO**
Blk. 14, Lot 11, Brgy. Dacon, GMA, Cavite

**REGISTRY OF DEEDS**
LRA Bldg., Capitol Cmpd., Trece Martires, Cavite

**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City

**Publication: HANEP** June 22, 29 and and July 6, 2020

# Over 300 ghost FB accounts under probe: DOJ

**MANILA** – An official of the Department of Justice (DOJ) on Wednesday said they are now investigating more than 300 "ghost accounts" on social media platform Facebook.

"The contents of the accounts have already been preserved upon the request of our law enforcers. An inter-agency task force consisting of NPC (National Privacy Commission), DICT (Department of Information and Communications Technology), and DOJ has been created to investigate the matter. We have received 198 reports involving over 300 accounts," Justice Undersecretary and spokesperson Markk Perete told reporters.

The DOJ earlier said persons behind the so-called "ghost accounts" of many Facebook users may be prosecuted for criminal liability for computer-related identity theft defined and punished under Sec. 4 (b)(3) of Republic Act 10175 or the Cybercrime Prevention Act of 2012, among other possible violations.

The DOJ Office of Cybercrime (DOJ-OOC) initially received 112 reports from users with duplicate/dummy accounts.

Perete added that preserving data, as well as the determination of the subscriber information of those responsible, is essential to determine why these so-called ghost accounts existed in the first place.

He also assured that those who report violations have ample protection from the law since the Data Privacy Act "prohibits disclosure of information without consent or beyond the purpose for which data was obtained/provided".

"Liability, including criminal penalties, is imposed upon those who violate this prohibition. The DOJ Office of Cybercrime is not only aware of this prohibition, it will assiduously uphold the law that protects the privacy of citizens," he added. **(PNA)**

# Expanded and Targeted Testing isinagawa sa Rizal

**LUNGSOD NG ANTIPOLO, Rizal (PIA)--** Nagkaroon ng expanded at targeted testing para sa Rizaleño sa Ynares Center Grounds bilang bahagi ng paglaban ng Lalawigan ng Rizal sa COVID-19.

Sumailalim sa rapid anti-body testing ang mga mamayang walang sintomas. Ang mga nagpositive sa unang test para sa COVID-19 ay kinunan naman ng swab sample para sa RT-PCR test.

Ang mga symptomatics naman sumailalim agad sa PCR swab test.

Bukod sa walk-in tests ay nagkaroon rin ng drive-thru tests sa naturang gawain.

Kinailangan lamang magdala ng anumang government-issued valid ID o patunay na ang nagpapatest ay taga-Rizal province.

Naganap ang testing simula ika-8:00 ng Hunyo 16 umaga.

Nagpasalamat namanang Pamahalaang Panglalawigan sa mga doktor, medical technician at health personnel ng Rizal Provincial Government at Antipolo City Government na nagsagawa ng rapid anti-body at RT-PCR testing.

Ayon sa ulat ng Lalawigan ng Rizal sa kanilang opisyal na Facebook Page, 596 ang dami ng kaso ng COVID-19 sa lalawigan noong ika-10 ng gabi ng Hunyo 16. 129 sa mga ito ang active case, 390 ang gumaling na at 77 ang nasawi. **(PIA-Rizal may ulat mula sa Rizal PIO/Lalawigan ng Rizal Official Facebook Page)**

# OBRERO, NADEDO; NAUBUSAN NG DUGO

**HINIHINALANG naubusan ng dugo bago pa man idating sa ospital ang isang 45-anyos na construction worker dahil sa tinamong sugat matapos na nahiwa ang balikat sa isang matulis na kawayan habang naghahanap ng makakain sa Silang, Cavite.**

Hindi na umabot ng buhay sa Estrella Hospital ang biktimang si Rodel Castillo at residente ng Sitio Ibayo, Brgy Tibig, Silang.

Sa ulat ni Pat. Ralph Jason Santos, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-12:00 ng tanghali nang maisipan ng biktima at kaibigan na sina John Acosta at Milo Callfe na gumala sa isang masukal na lugar sa Brgy Tibig upang maghanap ng anumang prutas na makakain.

Nahulog ang biktima sa creek at tumama ang kaliwang balikat nito sa isang matulis na kawayan.

Dahil hindi maampat ang pagdurugo ang sugatang balikat ng biktima, tinalian ito ng t-shirt at nagpasya ang dalawa na bumaba at humingi ng tulong sa barangay.

Binalikan nila ang biktima sa lugar na patuloy ang pagdurugo sa nasugatang bahagi ng balikat.

Pagdating sa ospital, idineklara ng mga doctor na dead on arrival ang biktima. **GENE ADSUARA**

# DENR continues to intensify anti-illegal logging operations within the CALABARZON Region

**IN** the evening of June 9, Forest Officers of DENR CENRO Calauag apprehended 224 flitches of assorted species such as Mangga, Gmelina, Santol, Antipolo, Batino Acacia, Takip-Asin, Amlang, and Belwang. They were recovered in San Francisco, Lopez, Quezon. Another 40 pieces of lumber were apprehended in Tinigiban, Calauag in the Province.

The following day, 20 abandoned flitches were found by the DENR PENRO and CENRO Tayabas personnel, the PG ENRO, and member of the media, along a riverbank in Barangay Cagsiay II, in Mauban. Shortly after, another group found 15 more flitches a few kilometers away from the riverbank. The tree species include Banilad, Dulitan, Pilaway, Ayumit and Duguan.

Provincial Government of Quezon's Environment and Natural Resources Officer Mr. Manuel Beloso said, "we will work closely with the surrounding communities in Cagsiay II to make sure that they will have a strong role in forest protection and conservation". The forest products were hauled and deposited at the DENR Calumpang Forest Products Monitoring Station for safekeeping, pending the conduct of Administrative Confiscation Proceedings (ACP) in accordance with Department Administrative Order 97-32. Provincial Environment and Natural Resources Officer and incoming Assistant Regional Director for Technical Services of DENR CALABARZON Forester Alfredo Palencia and CENRO Tayabas and incoming PENRO Quezon Forester Ramil Limpiada both committed to "continue to take an active role in the forest protection in the Province of Quezon".

A few weeks earlier, they had also recovered several abandoned flitches and lumber and are now undergoing ACP.

Meanwhile, CENRO Calaca has conducted Lawin patrolling in the Forest Conservation Area in Lian, Batangas. They also conducted monitoring of quarry operations and coastal areas, maintenance of the look-out tower, and conduct of Information, Education and Communication (IEC) campaigns. These activities resulted to confiscation of one (1) abandoned chainsaw in Laurel, Batangas, and a turn-over of one (1) Luzon Bleeding Heart Pigeon (Gallicolumba luzonica), which is classified as Near Threatened by the International Union for Conservation and Nature.

DENR PENRO Cavite, on the other hand, has worked closely with the Local Government Units in monitoring the inventoried furniture shops around their area of responsibility.

DENR CALABARZON Regional Executive Director Gilbert Gonzales continues to call on the PENROs and the CENROs to closely work with local communities in the conduct of anti-illegal logging operations especially those which occur in the Protected Areas. **PR**

# Kasambahay, binata; swak sa kulungan

**SWAK** sa kulungan ang isang 19-anyos na katulong nang naaktuhan ng kanyang amo na hawak ang nawawalang pera habang mamahaling alak naman ang isiniksik ng isang binata sa magkahiwalay na insidente sa Cavite.

Kasong Qualified Theft ang kinaharap ng suspek na si Andrea Buenafe Soquina, tubong Negros Occidental at stay-in sa bahay ng nagreklamong amo na si Angeli Grace Dimaculangan, 31, project manager, ng B5 L14 Phase 2 Kinnari Village, Carmona Estates Subd., Brgy. Lantic Carmona.

Sa reklamo ng biktima kay Corporal Luciano Cortez, ng Carmona Municipal Police Station, dakong alas-9:00 ng umaga nang naaktuhan ng biktima ang suspek ang hawak na P5,000 cash at nang tinanong kung saan kinuha ay hindi nakasagot.

Agad namang tinignan ng biktima ang kanyang shoulder bag kung saan nawawala na ang P35,000.00 cash dahilan upang ipadampot ito sa security guard ng subdibisyon na siyang nag-report sa pulisya.

Ang suspek ay kasalukuyang nakakulong sa Carmona Custodial Center.

Sa Imus City Custodial Center naman nakaditine si James Christian Calleja, 22, ng Salinas 1, Imus City, matapos isiksik sa kanyang sling bag ang isang bote ng Hennessy Cognac na nagkakahalaga ng P950.

Nauna rito, pumasok ang suspek dakong alas-4:00 ng hapon sa loob ng 7/11 Convenience Store sa Poblacion 1C at nagkunwaring mamimili at nang nakakita ng tiyempo, tinangay ang nasabing mamahaling alak pero lingid sa kanyang kaalaman ay nakita siya ng store manager na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto. ***GENE ADSUARA***



Discussing w/ Paranaque City Mayor Edwin L. Olivarez, Engineer Merriam Parungao, Mar Jimenez and Congressman Eric L. Olivarez (1st District) about the installing of Bike Lane along the Stretch of Sucat Road and Ninoy Ave. Road in the city of P'que, to improve mobility avid the public transport limitation due to the Covid -19 pandemic. ***(JIMMY HAO)***

# Curfew sa Maynila ibinalik sa dating oras

**INAPRUBAHAN** na ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ang pagbabalik ng dating ipinapatupad nitong "curfew" sa lungsod.

Ito ang kinumpirma ni Majority Floor Leader at 3rd District Councilor Atty. Joel Chua kung saan ibabalik sa 10pm – 5am ang curfew hour sa Maynila.

Ang naturang hakbang ng konseho ay kasunod sa rekomendasyon ni Mayor Isko Moreno Domagoso makaraang upang mabigyang pagkakataon ang mga manggagawa na makauwi ng maayos sa kani-kanilang bahay.

Matatandaan na pinahaba ang curfew hours sa Maynila mula ng ipatupad ang enhanced community quarantine (ECQ) sa lungsod kung saan simula alas-8 ng gabi hanggang alas-4 ng madaling araw ang ipinatupad na curfew.

Mula nang isailalim sa GCQ ang Maynila, may mga restaurant at fastfood na ang muling nagbukas at bagamat maaga silang magsara ay hindi rin umano agad nakakauwi ang mga staff nito dahil kailangan pa nilang maglinis.

Giit naman ni Domagoso, kahit ibinalik na ang dating ipinapatupad na curfew hours sa lungsod ay hindi ibig sabihin na maaari nang lumabas ang mga bata at mga senior citizen dahil batay sa inilabas na panuntunan ng Inter Agency Task Force (IATF), edad 21 pababa at 60 pataas ay bawal pa rin lumabas o tumambay sa kalsada depende kung may pupuntahan itong emergency.

Agad naman na ipatutupad ang pagbabalik ng curfew hours sa Maynila sa oras na mailathala na ito sa mga pahayagan.

Ang Maynila ay kabilang pa rin sa mga lugar na nakasailalim sa GCQ hanggang sa Hunyo 30 batay na rin sa desisyon ni Pangulong Duterte. **(leonard basilio)**



**TULONG SA MGA OFWs.** The Office of Senator Risa Hontiveros on Monday afternoon delivered and distributed packed meals to at least 500 repatriated Overseas Filipino Workers (OFWs) arriving at the Ninoy Aquino International Airport Terminal 2. The OFWs were waiting for chartered flights that will bring them home to their respective provinces.

Hontiveros is calling for an OFW reintegration plan from the government. The Senator filed Proposed Senate Resolution No. 445 to probe government plan on financial aid programs available for Filipino migrant workers and their families and to help develop a bridge program towards local employment for OFWs displaced by COVID-19. **PR**

# REDEFINING THE CUSTOMER EXPERIENCE AT SM CITY DASMARIÑAS

You can now enjoy specialties from your favorite restaurants and stores with fast and convenient pick-up or stay home as your essentials are delivered to you by a personal shopper as SM City Dasmariñas redefines customer service during these challenging times. Through its Center Concierge, Fast and Easy Personal Shopping services.

Chat with us as the SM Dasmariñas Concierge by simply contacting us through SM Cavite Viber Community or Facebook page and Instagram account, @SMDasmarinas, to find out the availability of essentials and answers to any mall queries that you may have. It's a system designed for your convenience and tailored to your preference.

Center Concierge at SM City Dasmariñas offers home delivery, Parking delivery or Pick-up at the Center Concierge. Simply choose from the list of open establishments that may be found on their social media pages; place your order by contacting these mobile numbers 0916-745-4732/0951-669-0170 or message the service provider @ BEBECOSERVICE or visit the Center Concierge at the annex event center.

With this, you can treat your family to culinary specialties from Mesa, Aristocrat, Botejyu, Gerry's Grill, North Park, Razon's of Gua Gua, Max's and Aristocrat Restaurant; favorite fried chicken at Bon Chon, Firebrick Chicken and Buffalo's Wings N' Things, as well as delightful desserts and breads from Tous Les Jours, The French Baker, The Lost Bread and Auntie Anne's, drinks from Starbucks, Chatime, Macao Imperial Tea, Gong Cha, Dakasi, Black Scoop and Starbucks Coffee.

You can also order your essentials from ACE Hardware, Watsons, SM Supermarket, Baby Company, Uniqlo and SM Appliance.

The SM Dasmarinas Personal Shopper will have your basics – groceries, medicine, food, hardware - delivered to your doorstep through SM Rider or you may also pick-up items from the Center Concierge

With the many options of convenience the mall provides, SM City Dasmariñas is only getting started. Ushering a new era of customer experience, the mall will continue to provide safe and efficient solutions for the benefit of its shoppers. For more information on the SM Dasmariñas Center Concierge, follow SM City Dasmariñas on Facebook and Instagram.




Get authentic Bacolod Inasal Chicken from **Bacolod Inasal**




Taste the imported Steak from **Prime Steak House**




Freshly baked breads await you at **Bread Talk**




Get fashionable OOTD from **Cotton:On**




Feel good with clothes from **Regatta**




Grab and bite delicious breads from **French Baker**




Wear comfy outfit from **Memo**




Treat yourself with pastries from T**ous Les Jours**

# CALL & COLLECT WITH PET EXPRESS – SM CITY DASMARIÑAS AND SM CITY MOLINO

**Our pets have become part of our families –as a constant companion, playmate for the kids, and in some cases, a stress buster. That's why many of us want to keep our pets healthy and happy.**

Pet Express, the dog and cat shop for all your furbabies essentials, shares some practical tips from World Small Animal Veterinary Association (WSAVA) on caring for your pets while at home:

• Practice proper hand-washing and pet safety when handling your pets. Wash your hands before and after touching them. Clean and sanitize your pets contact surfaces such as crate, dog beds, kennels and feeding areas regularly. Use pet-friendly and all-natural disinfectant in cleaning, disinfecting and deodorizing your homes as it thoroughly removes stains and stinky odor.

• Make an indoor or backyard potty. Stock up pee pads in the house, if you and your pet can't go outdoors.

• Keep them entertained and active while at home like award-winning actor Anthony Hopkins who serenades his cat Niblo with the piano You can also bond with them by teaching them some tricks or finding an indoor games or activity to play.




*Snuggle in with your pets while staying safe at home. Hugging them reduces depression and anxiety that will help you to relax and be happy.*




*Energy supplement Virbac Nutri-plus gel is a good source of nutrients that will help your pets cope up in any stressful situation and regain their appetite and prevent weight loss.*

• Maintain a reasonable supply of pet food and required medication. Ensure their nutritional needs by providing the necessary veterinary diet and keep them hydrated by providing clean water to boost their immune system.




*Protect your pets against fleas, ticks, and heartworms monthly with beef-flavored NexGard Spectra chewable tablet.*

• Contact your veterinarian for your pet's routine treatment and have their vaccinations updated.

• If you are sick, avoid close contact with your pet if you can. Ask a family member to take care of them and put them in a crate to protect them. If no one is available, maintain good hygiene practices and wear a face mask while taking care of your pet.



*Sanitize your home and your pets kennel with this safe, all-natural and pet-friendly Kleen Kenel disinfectant.*




*Choose super-absorbent with odor neutralizer training pads for your puppies or assisting dogs. And don't forget to always clean up after your pets properly.*

Also, those who registered for the annual Pet Express Doggie Run 2020 can join the first Pet Express Virtual Run, wherein pet parents and their dogs can join in the run from home. Suit up you and your dog in Doggie Run 2020 race gear and race bib; track and finish your runs anytime from June 1-30, 2020 until you complete your distance; screencap your race results and send it to PetExDoggieRun2020@gmail.com. You can claim your finisher medal at your chosen Pet Express branch. Proceeds of the Pet Express Virtual Run will be donated to the Philippine Animal Welfare Society (PAWS). For more updates and info, follow PetExpressPH on Instagram and Facebook




*Give them the Purr-fect food with the right amount of nutrients they need.*




*Meet your cat's nutritional requirements with quality cat food for optimal bone growth for kittens and maintaining a healthy urinary system for adult cats.*




*Holistic Recipe Lamb and Rice Dog Food is specially formulated to prevent allergic reaction to food, improve the immune system, and improve the skin and hair condition for both puppies and pregnant/lactating dogs. Available in big packs at Pet Express Call & Collect and Pet Express in LazMall in Lazada.*




*Wet dog food is high in moisture that can well-hydrate your pet while eating.*




*Keep your cherished companion happy, strong and healthy with Acana and Orijen dog food with nourishing proteins which provide nutrients in their most natural form and infused with Freeze-dried liver for a delicious taste.*




*Bond with your pets by giving treats as you train them.*

**Pet Express'** Call &Collect services are available in selected branches such as Pet Express SM City Dasmariñas, SM City Molino, North EDSA, Pet Express SM Cubao, Pet Express SM Fairview, Pet Express SM Megamall, Pet Express SM Aura, Pet Express SM Makati, Pet Express SM Masinag, and Pet Express SM CDO Premier, and also at Pet Express stores in V Mall, Estancia, Madison Galeries and Festival Mall. Pet Parents can select items online in Pet Express online catalog on their Facebook and Instagram stories; create a shopping list and call your preferred branch to place order and collect your order via Grab Express. You can also shop at the Pet Express Flasghip Store in Lazada app.

## Safe Dine-in Experience at SM City Rosario

